

Independiyenteng Komisyon ng Pagdidistrito ng Escondido

Madalas na mga Tinatanong at Pangkalahatang Impormasyon

Pinapalitan ng Konseho ng Lungsod ng Escondido kung paano ibinoboto ang kanyang mga miyembro. Sa halip na isang sistema ng pagbotong pangkalahatan kung alin ang mga kandidato ay kailangang manalo sa pagitan ng lahat ng mga botante sa lungsod walang kinalaman kung saan sila nakatira, ang mga kandidato sa Konseho ay iboboto mula sa mga distrito kung saan sila nakatira. Sa araw ng Eleksyon, ang mga botante ay boboto lamang para sa mga kandidatong tumatakbo sa mga distrito kung saan sila nakatira.

Upang magawa ang pagbabagong ito, ang Independiyenteng Komisyon ng Pagdidistrito ay magpapasiya kung paano hahati-hatiin ang populasyon ng Escondido sa apat na distrito. Kailangan nilang malaman sa inyo upang makasiguro na ang mga nasasakupan ng distrito ay makakapagbigay ng oportunidad na iboto ang kandidatong mangangatawan sa inyong mga interes sa Konseho.

Paano pagpapasiyahan ng Komisyon kung saan itatakda ang mga nasasakupan ng distrito?

Ang mga pasiya ng Komisyon ay pamamahalaan ng mga legal na pag-aatas ng pederal at estado gayundin ang mga kinakailangang katangian na sadyang nauukol sa Escondido. Inaatas ng Konstitusyon ng US na ang mga distrito ay maglaman ng humigit-kumulang pantay-pantay na populasyon at ipinagbabawal nito at ng pederal na Batas ng mga Karapatan ng Pagboto (VRA) ang pagtatanging panglahi. Ipinagbabawal din ng pederal na Batas ng mga Karapatan ng Pagboto ang pagtatangi dahil sa status ng minoriyang pangwika¹ kabilang sa mga gawaing may epekto ng pagtatangi, tulad ng mga eleksiyong pangkalahatan o mga distritong gumagawang mas mahirap para sa grupo ng minoriyang panglahi o pangwika na bumoto ng isang piniling mangangatawan.

Ang mga desisyon ng Escondido ay pamamahalaan din ng espesipikong kinakailangang mga katangian na bunga ng isang atas ng pahintulot sa isang kaso ng California VRA. Batay sa ayos ng rangko, kailangang talakayin ng Komisyon ang sumusunod na kinakailangang mga katangian:

1. Lahat ng mga distrito ay susunod sa Konstitusyon ng Estados Unidos. Kabilang dito na ang bawat distrito ay naglalaman ng humigit-kumulang na parehong bilang ng mga tao.
2. Ang lahat ng mga distrito ay susunod sa pederal na Batas ng Mga Karapatan ng Pagboto. Maaaring ibig sabihin nito ang pagtatakda sa isa o higit pang mga distritong mayoriya-minoriya, kung maaaring gawin ito.

¹Ipinapakahulugan ng VRA ang “pagka-minoriya ng wika” bilang may pinagmulang Asyano, Katutubong Amerikano, Katutubong Taga-Alaska, o Espanyol na mga wikain.

3. Ang lahat ng mga distrito ay kailangang maging magkakatabi at itinataguyod ang pagkamasinsin.

4. Ang lahat ng mga distrito ay kailangang gumalang sa mga kapitbahayan at mga pinagkakainteresang komunidad. (kabilang ang mga minoriyang panglahi, etnika, at pangwika, subalit hindi kabilang ang mga kaugnayan sa mga partidong pulitikal, kasalukuyang nanunungkulan o mga kandidato).

5. Ang mga Distrito ay dapat hindi itatakda: (a) Na ayunan o magtangi laban sa isang kasalukuyang nanunungkulan, kandidato, o partido; o (b) Na may pagsasaalang-alang sa lugar ng tirahan ng mga kasalukuyang nanunungkulan.

Bakit ako dapat lumahok?

Kailangang makarinig sa iyo ang Komisyon upang matulungan ito na gumawa ng mga may-kaalamang desisyon kung saan itatakda ang mga nasasakupan ng distrito. Lalung-lalo na, kailangan nito ang impormasyon mula sa iyo tungkol sa iyong mga kapitbahayan at mga pinagkakainteresang komunidad. Ikaw lamang ang nakakakilala sa iyong mga komunidad at mga kapitbahayan. Ang pagpapanatili sa iyong mga kapitbahayan at mga komunidad na magkakasama sa parehong distrito ay maaaring makapagbigay sa iyo ng mas mapagtugon na pangangatawan. Sa pamamagitan ng pamamahagi sa impormasyong ito sa Komisyon, maaari mo silang matulungan na hati-hatiin ang iyong komunidad sa iba-ibang distrito.

Paano ako maaaring lumahok?

Hihilingin ng Komisyon ang iyong kuro-kuro sa ilang mga paraan. Maaari kang pumunta sa isa o higit pa sa anim na mga pampublikong pagdinig na gawaan at sabihing direkto sa Komisyon ang tungkol sa iyong komunidad. Maaari kang dumalo sa mga pagpupulong ukol sa usapin ng Komisyon at magbigay ng impormasyon pagdating ng bukas na porum. Sa mga pagdinig, magkakaroon ng mga serbisyo ng pagsasalin para doon sa mga nangangailangan nito.

Kung hindi ka makakadalo sa isang pagdinig, maaari mo pa ring sabihin sa Komisyon ang tungkol sa iyong komunidad sa pamamagitan ng sulat.

Maaari mong ihulog o ipadala ang impormasyon sa komisyon sa Opisina ng Klerk ng Lungsod:

Escondido Independent Districting Commission
c/o Escondido City Clerk's office
201 N. Broadway
Escondido, CA 92025

Maari mong padalhan ng email ang Komisyon sa: districting@escondido.org

Kung mayroon kang mga tanong, maaari kang tumawag sa: 760-839-4617

Para sa pinakatamang iskedyul at impormasyon, mangyaring i-tsek ang website ng Lungsod, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa Komisyon:
www.escondido.org

Nais marinig sa iyo ng Komisyon! Mangyaring ibigay ang iyong impormasyon sa kanila sa lalong madaling panahon. Ang hangganang panahon para isumite ang impormasyon ay Oktubre 31, 2013.

Kailan magaganap ang mga pagdinig at ano ang mangyayari doon?

Nagtalaga ang Komisyon ng anim na pampublikong pagdinig sa mga kuro-kuro at 1 pulong para sa pagtatakda ng nasasakupan. Pagkatapos ng mga pagdinig na ito, ang isang paunang plano ng pagdidistributo ay ilalabas para repasuhin. Pagkatapos nito ang Komisyon ay magpapaganap ng tatlo pang mga pagdinig upang kunin ang iyong sagot sa kuro-kuro tungkol sa kanilang paunang plano ng pagdidistributo, tapos ay gagawa ng mga pagbabago sa mga distrito kung kailangan.

Mga pampublikong pagdinig sa kuro-kuro:

Sa Oktubre, ang Komisyon ay magpapaganap ng mga pampublikong pagdinig ng kuro-kuro upang makarinig mula sa mga miyembro ng komunidad ng Escondido. Gaganapin ang mga ito sa sumusunod na mga petsa at lugar:

Huwebes, Oktubre 10 – ika-6 ng hapon Panggitnang Paaralan ng Bear Valley, 3003 Bear Valley Pkwy., 92025

Sabado, Oktubre 12 – ika-9 ng umaga sa Panggitnang Paaralan ng Hidden Valley, 2700 Reed Rd., 92027

Huwebes, Oktubre 17 – ika-6 ng hapon sa Simbahan ng Resurrection, 1445 Conway Drive, 92027

Sabado, Oktubre 19 – ika-9 ng umaga sa Panggitnang Paaralan ng Mission, 939 E. Mission Ave., 92025

Huwebes, Oktubre 24 – ika-6 ng hapon sa Paaralang Elementarya ng Felicita, 737 W. 13th Ave. 92025

Linggo, Oktubre 27 – ika-3 ng hapon sa Sala ng Konseho ng Lungsod, 201 N. Broadway, 92025

Sa mga pampublikong pagdinig ng kuro-kuro, ang mga kasangguni ng Komisyon ay magbibigay ng maikling pagsasanay para sa lahat ng mga dumadalo at isang oportunidad para sa mga dumadalo na tumingin sa mga mapa at datos bago magbigay ng testimonyo. Maaari kang kumumpleto ng isang porma na naglalarawan sa iyong kapitbahayan o pinagkakainteresang komunidad na isusumite sa Komisyon o maaari mong sabihing personal ang tungkol dito sa Komisyon.

Ang pagdinig sa Linggo, Oktubre 27 ay susundan ng isang pulong sa ika-6 ng hapon kung saan ang Komisyon ay magsisimulang gumawa ng isang mungkahin ng paunang mapa.

Pulong para sa Pagtatakda ng Nasasakupan:

Martes, Oktubre 29 – ika-6 ng hapon sa Sala ng Konseho ng Lungsod, 201 N. Broadway, 92025

Ang pulong sa Oktubre 29 ay buong itatalaga sa paggawa at pagtatapos ng paunang plano.

Mga Pulong para sa Kuro-kuro tungkol sa Paunang Plano:

Sa Nobyembre, ang Komisyon ay magpapatawag ng tatlong pagdinig upang humingi ng mga komento ng publiko tungkol sa paunang plano ng pagdidistrito. Ang mga pagdinig na ito ay magaganap sa:

Huwebes, Nobyembre 21 – ika-6 ng hapon sa Panggitnang Paaralan ng Hidden Valley, 2700 Reed Rd., 92027

Sabado, Nobyembre 23 – ika-9 ng umaga sa Panggitnang Paaralan ng Mission, 939 E. Mission Ave., 92025

Linggo, Nobyembre 24 – ika-3 ng hapon sa Sentro para sa mga Sining, Escondido, 340 N. Escondido Blvd., 92025

Ang pagdinig sa Linggo ay susundan ng isang pulong ng Komisyon sa ika-6 ng hapon kung saan ang Komisyon ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa paunang plano batay sa pampublikong sagot sa kuro-kuro ng publiko. Pagkatapos nito ang Komisyon ay boboto sa plano at ipapadala ang Inirekomendang Plano ng Pagdidistrito sa Konseho ng Lungsod.

Anong impormasyon ang Kailangan sa akin ng Komisyon?

Kailangang malaman sa iyo ng Komisyon ang tungkol sa iyong pinagkakainteresang komunidad at/o iyong kapitbahayan.

Ang ikaapat na kinakailangang katangian na gagamitin ng Komisyon upang magtakda ng mga nasasakupan ng distrito ay nag-aatas dito na tangkaing huwag hati-hatiin ang mga kapitbahayan at mga komunidad ng interes (mga COI) sa pagitan ng mga distrito. Upang sumunod sa kinakailangang katangian na ito, kailangang malaman ng Komisyon kung saan naroroon ang mga COI at kapitbahayang ito. Ang impormasyon at datos tungkol sa mga ito ay masyadong limitado mula sa "opisyal" na mga pinagkukunan, kung kaya kailangang-kailangan na makarinig ang Komisyon mula sa publiko upang masiguro na sila ay gumawa ng mahusay na trabaho sa pagsunod sa kinakailangang katangian na ito. Kailangang marinig nila sa iyo ang tungkol sa kung ano ang nagbibigay-kahulugan sa iyong komunidad at kung saan ito naroroon upang maiwasan nilang hatiin ito sa higit sa isang distrito.

Saan ang iyong kapitbahayan?

Para sa mga kapitbahayan, kailangan din na malaman ng Komisyon kung saan ang mga hangganan nito. Maaari mong ilarawan ito sa pamamagitan ng pagbalangkas sa mahahalagang palatandaang lugar, tulad ng mga paaralan, parke o mga gusaling pangrelihiyon na matatagpuan sa kapitbahayan. Maaaring kabilang sa mga hangganan ang mga kalye o ibang pisikal na mga katangian tulad ng mga riles ng tren, ilog/sapa/hugasan, lote ng paradahan/mga sentro ng pamilihan, atbp., na bumubuo sa panlabas na mga hangganan ng iyong kapitbahayan. Ito ay nagbibigay-kakayahan sa Komisyon na matagpuan ang iyong kapitbahayan sa mapa na kanilang gagamitin upang

itakda ang mga distrito. Makakatulong sa Komisyon kung magbigay ka ng ilang impormasyon tungkol sa iyong kapitbahayan: ano ang tawag dito? Ano ang alam mo tungkol sa kasaysayan nito? Mayroon bang organisasyon sa kapitbahayan?

Saan at ano ang iyong Pinagkakainteresang Komunidad?

Para sa Pinagkakainteresang Komunidad (tinatawag din bilang "COI"), kailangang malaman sa iyo ng Komisyon kung ano ang nagpapakahulugan sa iyong komunidad at kung saan ito matatagpuan. Ano ang basihan o pinagkakainteresan ng lahat na nagpapabuklod sa iyo at sa iyong mga miyembro ng komunidad? Halimbawa, maaaring mayroong COI sa isang lokal na paaralan kung saan maaaring lumahok ang mga tao sa mga aktibidad, sa isang linya ng transportasyon ng bus na karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng komunidad, sa isang parke na pinapanatili ng isang grupo ng mga miyembro ng komunidad, o isang komun na kasaysayang pangkultura o pangwika. Kung titingin lamang sa isang mapa, napakahirap malaman kung ano ang mga komun na bahaginang pinagkakainteresan ng mga taong nakatira sa isang lugar. Ang iyong impormasyon ay tutulong sa Komisyon na mas maiging maunawaan kung ano ang nangyayari sa mga taong nakatira sa mga lugar na nakalarawan sa mga mapang ito at tutulong ito para malaman nila kung anong mga lugar ang dapat pagsama-samahin sa mga distrito. Kagaya sa mga kapitbahayan, kailangan din na malaman ng Komisyon sa iyo kung saan matatagpuan ang iyong COI. Kabilang dito ang pagsasabi sa Komisyon tungkol sa mahahalagang palatandaang lugar sa iyong komunidad gayundin ang mga kalye at pisikal na aspeto na bumubuo sa mga hangganan nito.

Mangyaring ibigay ang iyong impormasyon sa Komisyon sa lalong madaling panahon. Ang hangganang panahon para isumite ang impormasyon ay Oktubre 31, 2013.

Sino ang Komisyon?

Ang Komisyon ay binubuo ng pitong mga botante ng Escondido na naging interesado sa paglilingkod sa gawaing pagtakda ng mga nasasakupan ng distrito. Sila ay nag-aplay upang maglingkod sa Independiyenteng Komisyon ng Pagdidistrito at napili ng isang Panel ng Pagpili na binubuo ng tatlong retiradong hukom na nakatira sa County ng San Diego.

Ang Komisyon ay binubuo ng sumusunod na mga tao:

Tagapangulo: Dana Nuesca
Bise-Tagapangulo: John Valdez
Komisyonado: Jack Anderson
Komisyonado: Andrew Carey
Komisyonado: Doris Cruz
Komisyonado: Bill Flores
Komisyonado: Roberto Ramirez

Ano ang mga katangian upang maging isang Komisyonado?

Ang bawat isa sa mga Komisyonado ay kinailangang sumunod sa ilang mga hinahanap na katangian. Sila ay dapat maging mga botante ng Escondido. Kabilang

dito, kinailangan nilang patunayan na hindi sila naging kasangkot sa ilang mga asal pampulitika sa nakaraang 10 taon. Hindi sila pinahintulutan na: (1) tumakbong kandidato para sa ibinobotong opisinal lokal, pag-estado o pederal, (2) naging binayang empleyado o kasangguni para sa isang kandidatong pulitikal ng California o komiteng pampulitika, (3) naging opisyal o binayang empleyado ng isang partidong pulitikal ng California, (4) gumawa ng mga donasyon na higit sa \$5,000 sa anumang 2-taong panahon, at (5) hindi kasalukuyang kandidato para sa anumang ibinobotong opisinal lokal, pag-estado o pederal. Kabilang dito, ang mga miyembro ng Komisyon ay dapat sumang-ayon na hindi sila tatakbo para sa Konseho ng Lungsod sa Escondido ng limang taon pagkatapos ng kanilang serbisyo sa Komisyon.

Aling datos ang ginagamit upang itakda ang mga nasasakupan ng distrito?

Upang gawing pantay-pantay ang mga populasyon sa mga distrito, kailangang gamitin ng Komisyon ang set ng datos ng PL94-171. Ito ang set ng datos na nalikom mula sa mga sagot sa mga katanungan ng senso noong 2010. Ang set ng datos na ito ay may ilang magkakaibang mga sangkap, kasama ang bilang ng buong populasyon. Ang set ng datos na ito ay hindi nagtatangi sa pagitan ng mga mamamayan at di-mamamayan: lahat ng mga tumira sa Estados Unidos noong araw ng Senso (Abril 1, 2010) at bumuo ng isang porma ay ibinibilang. Ang mga distrito ay hindi ginagawang pantay batay sa nakarehistrong mga botante o sa mga mamamayan. Ang mga distrito ay ginagawang pantay batay sa buong populasyon.

Para sa Kinakailangang Katangian ng Batas ng mga Karapatan ng Pagboto, ang Komisyon ay gagamit sa sangkap ng Populasyon ng Edad ng Pagboto ng Mamamayan mula sa Survey ng Amerikanong Komunidad. Ang komisyon ay maaari ring gumamit sa Pahayag ng Rehistrasyon at Pahayag ng datos ng Boto.

Para sa Kinakailangang Katangian ng Pagkakatabi at Pagkamasinsin, gagamitin ng Komisyon ang heograpiya ng Senso.

Upang malaman kung nasaan ang Mga Pinagkakainteresang Komunidad at mga Kapitbahayan, ang Komisyon ay gagamit sa pampublikong kuro-kuro at mga pampublikong pagsusumite ng datos.

Ano ang mga grupo ng bloke ng Senso?

Ang kagawaran ng Senso ay nagpapalabas ng datos sa maraming mga heograpiya, na tinatawag na 'mga yunit ng pagsusuri'. Ang mga grupo ng bloke ng Senso ay isa sa naturang mga yunit. Ang pinakamaliit na yunit ay ang bloke ng Senso. Ginagamit natin ang mga bloke ng senso upang 'itag' ang mga distrito dahil ito ang pinakamaliit na yunit kung saan inirereport ang mga bilang ng buong populasyon, kaya ang mga bloke ay nagbibigay sa atin ng pinakawastong datos para sa kung ilang mga tao ang nakatira sa bawat distrito. Ang mga grupo ng bloke ng senso ay binubuo ng ilang bilang ng mga bloke. Ang ilang mga set ng datos ay inirereport lamang ng grupo ng bloke ng Senso, tulad ng ilang mga sangkap sa Survey ng Amerikanong Komunidad.